



## Pinapalakas na Pinuno



(Pambungad na Panalangin)

### I. ANG TATLONG PAGBASA

#### UNANG PAGBASA (Blg 11:25-29)

<sup>25</sup>NOONG mga araw na iyon, ang Panginoon ay bumaba sa anyo ng ulap at kinausap nga si Moises. Ang pitumpung matatanda ay binahaginan niya ng espiritu, tulad ng ibinigay niya kay Moises. Sila’y napuspos ng kapangyarihan at **nagpahayag** noon ngunit hindi na nila inulit.

<sup>26</sup>May naiwang dalawang matandang lalaki sa kampo: Eldad ang pangalan ng isa at yaong isa’y Medad. Tinawag silang kasama ng pitumpu ngunit hindi sumama. Gayunman, binahaginan din sila ng espiritu ng Panginoon kaya sila’y **nagpahayag** na roon. <sup>27</sup>Nakita pala sila ng isang binata at patakbo itong nagpunta kay Moises. Sinabi niya, “Sina Eldad at Medad ay **nagpapahayag** sa kampo.”

<sup>28</sup>Dahil dito, sinabi ni Josue na anak ni Nun at katulong ni Moises, “Bakit di ninyo sila sawayin?” <sup>29</sup>Ngunit sinabi ni Moises, “Nangangamba ka bang ako’y mababawasan ng karangalan? Mas gusto ko ngang maging **propeta** ang lahat ng Israelita at mapuspos ng espiritu ng Panginoon.”

Tema: **Propesiya**

#### PAGPAPALIWANAG

- Nagmula ang pagpo-propesiya sa tungkulin ng mga pari sa Lumang Tipan, bagama’t hindi ito partikular na nagmula sa sinusundan na angkan ng mga Pari. Mula lamang sa tribu ni Levi ang angkan ng mga pari samantalang maaring basbasan ng Diyos ng pagkapropeta ang sinumang nahirang Niya.
- Ang mga propeta ay nagsisilbing tagapagsalita ng Diyos sa isang partikular na panahon.
- Sa b. 25, ano ang ipinagkakaloob sa mga nakatatanda? Ang Espiritu. Ang pagbabasbas

ay kagagawan ng Espiritu.

- Subalit sinasabi sa b. 26 na sa kabila ng pagliban ng dalawang tao sa pagtitipon, nilukuban pa rin sila ng Espiritu, at sila’y nagproposiya. Ito ba’y kakaiba? Para kay Josue, kakaiba.
- Kung gayon, ano’ng nais mangyari ni Josue sa b. 27-28? Tanggalin mula sa serbisyo ang dalawa.
- At ano ang sinasabi ni Moises ukol sa mga kakaibang pangyayari?

### **SALMONG TUGUNAN (Slm 18) ATING KABUTIHA’T LUGOD AY NASA LOOBIN NG D’YOS.**

#### **IKALAWANG PAGBASA (San 5:1-6)**

<sup>1</sup>PAKINGGAN ninyo ito, kayong mayayaman! Tumangis kayo at humagulgol dahil sa mga kapighatiang darating sa inyo.

#### ***Paglalahad ng mga Kapighatian:***

<sup>2</sup>Bulok na ang inyong mga kayamanan at kinain na ng tanga ang inyong mga damit.

<sup>3</sup>Kinain na ng kalawang ang inyong ginto at pilak, at ang kalawang ding iyon ang magiging katibayan laban sa inyo at parang apoy na uubos sa inyong laman. Iyan ang kayamanang inimpok ninyo para sa mga huling araw.

#### ***Mga Masasamang Gawain ng Mayaman:***

<sup>4</sup>Sumisigaw laban sa inyo ang upa na hindi ninyo ibinigay sa mga gumapas sa inyong bukirin. Umabot sa langit, sa pandinig ng Panginoong Makapangyarihan sa lahat, ang mga hinaing ng mga mang-aani na inyong inapi! Nagpakalayaw kayo at nagpasasa dito sa lupa. Nagpataba kayong parang mga hayop na papatayin. Hinatulan ninyo at ipinapatay ang mga matuwid; hindi sila lumaban sa inyo.

Tema: **Kapighatian ng Mayaman**

#### **PAGPAPALIWANAG**

- Isang liham pastoral ang sulat ni Apostol Santiago na kumakalaban sa mga mayaman

na hindi sensitibo sa kalagayan ng mga dukha.

- Kaya sa ating teksto, ang pokus ng munghi at panaghoy ng may-akda ay ang mayayaman. Kaya hinuhusgahan ang mayaman.
- Iniisa-isa sa bb. 2-3 ang pighati ng mayaman. Anu-ano ang mga ito: anong mangyayari sa kanilang yamang taglay?
- Inilalahad sa bb. 4-6 ang kawalang-katarungang isinagawa laban sa mga dukha.

#### **MABUTING BALITA (Mc 9:38-43, 45, 47-48)**

#### ***Pagkukop sa mga hindi kabilang***

<sup>38</sup>NOONG panahong iyon, sinabi kay Hesus ni Juan, “Guro, nakakita po kami ng isang taong nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng pangalan mo, at pinagbawalan namin sapagkat hindi natin siya kasamahan.”

<sup>39</sup>Ngunit sinabi ni Hesus, “Huwag ninyo siyang pagbawalan, sapagkat walang taong matapos gumawa ng kababalaghan sa pangalan ko ang agad magsasalita ng masama laban sa akin.

<sup>40</sup>Sapagkat ang hindi laban sa atin ay panig sa atin. <sup>41</sup>Sinasabi ko sa inyo: sinumang magbigay sa inyo ng isang basong tubig dahil sa kayo’y kay Kristo ay tiyak na gagantimpalaan.

#### ***Iwasan ang mga eskandalo***

<sup>42</sup>“Mabuti pa sa isang tao ang siya’y bitinan ng isang malaking gilingang-bato sa leeg at itapon sa dagat kaysa maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananalig sa akin. <sup>43</sup>Kung ang kamay mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo! Mabuti pa ang mapunta ka sa langit nang putol ang isang kamay kaysa may dalawang kamay na mahulog ka sa impiyerno, sa apoy na hindi mamamatay. <sup>45</sup>Kung ang paa mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo! Mabuti pa ang mapunta ka sa langit nang putol ang isang paa kaysa may dalawang paa na

mahulog ka sa impiyerno. <sup>47</sup>At kung ang mata mo ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo! Mabuti pa ang pumasok ka sa kaharian ng Diyos nang bulag ang isang mata kaysa may dalawang mata na mahulog ka sa impiyerno. <sup>48</sup>Doo'y hindi mamamatay ang mga uod na kumakain sa kanila, at hindi mamamatay ang apoy.”

Tema: **Pag-iwas sa mga eskandalo**

## PAGPAPALIWANAG

- Sa paanong paraan natutulad ang salaysay sa bb. 38-40 at doon sa Unang Pagbasa? Paano naman ito naiiba?
- Sa pag-iwas sa mga eskandalo, gumagamit ang may-akda (o si Hesus) ng mga pagmamalabis (exaggeration) bilang pangunahing tayutay.
- Sa katunayan, hindi *literal* ang pag-intindi ng Simbahan sa bb. 42-43, 45, 47-48. Subalit, dapat magsilbing babala ang naturang mga bersikulo sa bigat ng kasalanang idinudulot ng pagiging sanhi ng pagkakasala ng ibang tao at ng iyong sarili.
- Hindi ito biro. Isang mabigat na pagkakasala ang pagdadala ng ibang tao / iyong sarili sa kasalanan.
- Ang ating relasyon o pagkakaugnay sa ating komunidad ay dapat nakikita at naisasakatuparan sa pamamagitan ng respeto. Tayo'y lumalahok sa komunidad (simbahan) upang tayo'y maging banal, makakuha ng suporta, upang di na tayo magkasala pa, upang tayo'y matulungan sa ating paghanap at pakikipag-ugnayan sa Diyos.

## II. PAG-UUGNAY

Sa Unang Pagbasa, hindi nakikita ni Moises ang pagpo-propesiya ni Eldad at Meldad bilang sagabal. Ang sagabal ay ang pagtingin at disposisyon ni Josue. Itinatanghal naman sa Ikalawang Pagbasa

ang pangangailangan ng mayaman na maging mas sensitibo sa karukhaan ng mahirap at aba. Samantalang isinasaad naman sa Ebanghelyo na hindi dapat magsanhi ng eskandalo ang mga pinuno sa mga taong sumusibol pa lamang ang pananampalataya, sa kanilang mga baguhan sa komunidad (simbahan).

*Mga pangunahing puntong dapat isama sa iyong homily/pagninilay*

Magbigay ng isang/mga gawain ng simbhang nagbubukod/naghihiwalay sa ibang tao sa halip na sila'y ipabilang sa simbahan. Bakit kaya patuloy pa rin ang mga ito?

Ano ang naidudulot ng ganitong uri ng mentalidad sa parokya? Pagkakaisa o pagkakawatak-watak? Bakit?

Ano ang sinasabi nito sa atin?

Kongkretong ilahad ang iyong karanasan kung bakit nananatili ka pa rin sa iyong parokya, sa kabila ng mababang pagtingin ng iba sa mga adhikain nito. Bigyang paglalagom ito sa pagbibigay diin sa ideya ng Eukaristiya bilang isang pagbubuklod sa kabila ng pagkakaiba-iba: sa katauhan, moralidad, kulay, antas sa buhay, ari at iba pa.

## III. SALAMIN NG BUHAY

1. Ngayong linggo, ipinagdiriwang natin ang Pambansang Araw ng mga Mandaragat. Sa iyong sarili, ano ang kahalagahan nito?

2. Ipinagdiriwang din ng Simbahan sa Setyembre 30 ang Kapistahan ni San Geronimo, bantog na santong iskolar ng bibliya na nagsalin ng bibliya mula Septuagint (wikang Griyego) tungo sa Vulgate (Latin) sa Jerusalem, kasama na rin ang kabuuang kontekstong Hebreo ng teksto.

- **Pagpapaliwanag: Br. Hansel Mapayo, SSP**

- Isinalin ni Cl. Ian Gabriel Cebalano, SSP

(Pangwakas na Panalangin)

.....  
**BIBLE APOSTOLATE LECTURE SERIES:**  
**SAN ROQUE PARISH- Cabrera St. Pasay City**  
**SABADO, 7:30-9:30 PM**




**SETYEMBRE 15, 2018- Br. Hansel Mapayo, SSP**  
**Pauline Letters at Hebrews**

**OKTUBRE 18, 2018- Rev. Albert Garong, SSP**  
**Catholic Letters**

**Kung nais po ninyong makatulong sa ating *Biblical Apostolate*, maari pong magdonate ng *legal size na bond paper* sa:**

ST PAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**  
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City  
Tels: 895-37-16; 890-7130

*Mga Bagong Libro ng ST PAULS...*



## PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

*Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman*

## VERBUHAY (Filipino Edition)



## PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.  
*Luwalhati...* (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)